**Part 1: Ang Tamang Pananaw**

## 1.3 ANG MABUTI

Ang ating mga pinaniniwalaan ang magdidikta kung ano ang ating mga pahahalagahan. Ang mga bagay na ating pahahalagahan ay ang iniisip nating mabuti at tama. Halimbawa:

| PANINIWALA → | PAHAHALAGAHAN |
|---|---|
| Makakapasok ka ng langit kung gagawa ka ng mabuti | magbigay ng limos, donation o tulong sa nangangailangan |
| Gawin ang lahat mapadali lang ang proseso ng mga bagay-bagay | magbigay ng suhol/lagay kapag nag-aayos ng permit o documento sa gobyerno |

**TIME OUT**

- Ano ang dalawang bagay na napapaloob sa ating pinahahalagahan?

  ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | | |
|---|---|---|
| Ang aking alam | Ang kahulugan ng salitang **mabuti** ay: | |
| | Nasasabi ko na ang isang bagay/pangyayari ay **mabuti** kung: | |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.




Genesis 1-2:3
Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa; ang lupa ay walang hugis o anyo. Dilim ang bumabalot sa kalaliman at kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ibabaw ng tubig. Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng liwanag!" At nagkaroon nga ng liwanag. Nasiyahan ang Diyos nang ito'y mamasdan. Inihiwalay niya ang liwanag at ang dilim.

Ang liwanag ay tinawag niyang Araw, at ang dilim naman ay tinawag na Gabi. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang unang araw. Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa; ang lupa ay walang hugis o anyo. Dilim ang bumabalot sa kalaliman at kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ibabaw ng tubig. Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng liwanag!" At nagkaroon nga ng liwanag. Nasiyahan ang Diyos nang ito'y mamasdan. Inihiwalay niya ang liwanag at ang dilim. Ang liwanag ay tinawag niyang Araw, at ang dilim naman ay tinawag na Gabi. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang unang araw.

Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng kalawakang maghahati sa tubig upang ito'y magkahiwalay!" At nangyari ito. Ginawa ng Diyos na pumagitan ang kalawakan sa tubig na nasa itaas at sa tubig na nasa ibaba. Langit ang itinawag niya sa kalawakan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikalawang araw.

Sinabi ng Diyos: "Magsama-sama sa isang dako ang tubig sa ibaba ng langit upang lumitaw ang lupa." At ito nga ang nangyari. Tinawag niyang Lupa ang tuyong bahagi at Dagat naman ang nagsama-samang tubig. Nasiyahan siya nang ito'y mamasdan. Pagkatapos, sinabi ng Diyos na magkaroon sa lupa ng lahat ng uri ng tumutubong halamang nagkakabinhi at mga punong namumunga. At nangyari ito. Tumubo nga sa lupa ang iba't-ibang uri ng mga halaman. Nasiyahan siya nang ito'y mamasdan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikatlong araw.

Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng mga ilaw sa langit upang mabukod ang araw sa gabi. Ito ang magiging batayan sa bilang ng mga araw, taon at panahon. Mula sa langit, ang mga ito'y magbibigay ng liwanag sa daigdig." At gayon nga ang nangyari. Nilikha ng Diyos ang dalawang malalaking ilaw: ang Araw, upang magbigay liwanag sa maghapon, at ang Buwan, naman kung gabi. Nilikha rin niya ang mga bituin. Nasiyahan ang Diyos nang ito'y kanyang mamasdan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikaapat na araw.

Sinabi ng Diyos: "Magkaroon sa tubig ng maraming bagay na may buhay." Nilikha ng Diyos ang mga dambuhala sa dagat, at lahat ng bagay na nabubuhay sa tubig. Nilikha din ng Diyos ang lahat ng uri ng ibon sa himpapawid. Nasiyahan ang Diyos nang ito'y mamasdan. Pinagpala niya ang mga ito. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikalimang araw.

Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng lahat ng uri ng hayop sa lupa—maaamo, maiilap, malalaki at maliliit." At gayon nga ang nangyari. Ginawa nga niya ang lahat ng ito, at siya ay nasiyahan ng ito'y kanyang minasdan.

Pagkatapos, sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao". Nilalang nga ng Diyos ang tao. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya.

Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa. Ibinibigay ko rin sa inyo mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo. At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikaanim na araw.

Nilikha nga ng Diyos ang langit at ang lupa at ang lahat ng bagay na naroroon. Tinapos niyang likhain ang lahat ng ito sa loob ng anim na araw, at siya'y nagpahinga sa ikapitong araw. Pinagpala niya ang ikapitong araw at itinuring itong banal. Ganito ang pagkalikha sa langit at sa lupa na nagbigay kasiyahan sa Diyos.

- Ano ang nararamdaman ng Diyos sa tuwing minamasdan Niya ang Kanyang nilikha?

  ______________________________________________

- Sa English Bible sa tuwing pinagmamasdan ng Diyos ang Kanyang nilikha ito ang nakasulat "And God saw that it was good". Ang salitang "good" sa tagalog ay mabuti. Gamit ang nabasang kuwento, bigyang kahulugan ang salitang mabuti.

  ______________________________________________

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang kahulugan ng salitang mabuti ayon sa Biblia ay yaong nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos. Masasabi natin na ang isang gawa o ang mga bagay na iniisip ay mabuti kung ang hangarin natin ay bigyang kasiyahan ang Diyos at hindi ang sarili. So ang tanong ngayon ay, paano tayo makapagbibigay kasiyahan sa Diyos?



Sa Hebrews 11:8 sinasabi na dahil sa pananampalataya, sumunod si Abraham nang siya ay utusan ng Diyos upang pumunta sa isang lupaing ipinangako sa kanya. Sumunod siya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. At dahil rin sa pananampalataya, siya ay nanirahan bilang dayuhan sa lupaing ipinangako sa kanya. Ang uri ng pananampalataya na mayroon si Abraham ay nakapagbigay kasiyahan sa Diyos. Siya ay may pusong nagtitiwala sa salita ng Diyos kaya siya nakasunod sa Kanyang utos. Ang pagtitiwala at pagsunod sa salita ng Diyos ay nakapagbibigay kasiyahan sa Kanya.



Matapos marinig ni Lisa ang payo nila Maya at Carmen, lalo siyang naguluhan. Nais pa rin niya na makamit ang kanyang pangarap kaya naisip niyang gawin ang sinabi ni Maya ngunit alam niyang may punto rin ang sinasabi ni Carmen. Dahil dito naglakas-loob siyang lumapit sa kanyang mga magulang. Nagulat sina Tatay Fidel at Nanay Lorraine nang marinig ang kalagayan ng anak. Pareho silang nakaramdam ng halong galit at pagkabigo sa kanilang anak. Bagamat ganoon, nangibabaw pa rin ang kanilang pag-ibig sa anak. Sinabi ni Tatay Fidel na gusto muna niyang marinig kung ano ang nasa isip ng anak bago niya sabihin ang sa kaniya. Sinabi ni Lisa na kung ano ang mabuti ay yaon ang kanyang gagawin

Ang kahulugan ng salitang **mabuti** na ating natutuhan sa lesson ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Kung ang nais gawin ni Lisa ay ang mabuti, ano dapat ang kanyang maging pasya?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Ang Diyos ay nakatingin sa ating puso. Sa puso natin naninirahan ang motivation na mayroon tayo kaya natin ginagawa, sinasabi o iniisip ang isang bagay. Kung ang motivation natin sa paggawa ay bigyang kasiyahan ang Diyos, ang gawang ito ay mabuti. Kung hindi naman, at ito ay para sa sailing kapakanan ito ay nagiging masama.

Ano ang mabuti? Ang mabuti ay yaong nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Sa tuwing may gagawin ka na isang bagay, sinisiyasat mo ba ang iyong motivation kung bakit mo ginagawa ang isang bagay? Sino madalas ang binibigayan mo ng kasiyahan ang Diyos, sarili o ang ibang tao? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Sa bawat pagkilos natin laging mayroon underlying motivation ito. Bakit nararapat na ang maging motivation natin ay ang bigyang kasiyahan ang Diyos ay hindi ang sarili?

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang kahulugan ng salitang **mabuti** ay: |
| | Masasabi ko na ang isang bagay/pangyayari ay **mabuti** kung: |

**Verse of the Day:**

Kaya nga kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos. ***1 Corinto 10:31***